**ARALIN:** Pang-abay at mga Uri nito

**PANUTO A:** I-type sa patlang ang pang-abay sa pangungusap at ang uri ng pang-abay.

(Pamaraan, Panlunan, Pamanahon) **(Hindi case sensitive)**

***Halimbawa:***

*Maayos na nagliligpit ng gamit si Maria.*

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| maayos | pamaraan |

1. Naghahanda nang mabuti ang pamilya Aguilar para sa kanilang reunion.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

2. Masayang nakikinig ang magkakapatid sa ina.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

3. Nagpaplano sila noon pang isang buwan.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

4. Naglinis at nagligpit sila sa lahat ng sulok ng bahay.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

5. Si Marco, ang bunso sa pamilya ay itinago ang mga nakakalat na laruan sa kanyang silid.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

6. Nanalangin rin sila araw-araw na magkaroon ng magandang panahon.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

7. Magtatapos na ng kolehiyo sa Marso ang panganay na si Ruiza at kasama na ito sa ipagdiriwang nila.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|

LIVEWORKSHEETS

| | |
|---|---|
| | |

8. Masunuring sinunod ng bawat isa ang hiling na handa ng mga miyembro ng pamilya.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

9. Buong pusong naghahanda ang buong pamilya.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

10. Nag-iipon rin ng pera sa alkansiya si Robert para pambili ng mga pangregalo.

| Pang-abay sa Pangungusap | Uri ng pang-abay |
|---|---|
| | |

**PANUTO B**: Basahin nang mabuti ang tanong sa bawat bilang I-type ang titik ng tamang sagot sa patlang. **(Hindi case sensitive)**

______________1. Anong bahagi ng pananalita ang inilalarawan ng pang-abay sa pangungusap na ito?

***Mahinahong nag-usap ang mga mamamayan tungkol sa kanilang mga suliranin sa pamayanan.***

A. pang-abay

B. pang-uri

C. pangngalan

D. pandiwa

_________2. Ang lahat ng pangungusap ay may pang-abay na pamaraan **maliban** sa _______.

A. Nagsanay nang mabuti ang pangkat para sa pagbigkas ng tula.

B. Maayos na ipinaliliwanag ng lider ang mga gagawin ng manlalaro.

C. Dinala ni Mary ang mga kagamitan sa eksperimento kahapon.

D. Tapat na nakikisama ang pinuno sa kanyang mga kasamahan

LIVEWORKSHEETS

_________3. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang may **pang-abay na pamaraan**?

A. Ang palaro ay pinaghahandaang mabuti ng mga manlalaro.

B. Ang nasabing palaro ay ginaganap sa barangay taon-taon.

C. Nagsasanay tuwing hapon ang mga manlalarong kalahok dito.

D. Tumatagal ng walong oras ang pagsasanay ng bawat manlalaro.

__________4. Pillin ang pangungusap na gumagamit ng **pang-abay na pamanahon?**

A. Ang pinuno sa aming pamayanan ay naglilingkod nang tapat.

B. Tunay na napangiti siya nang marinig ang magandang balita.

C. Sa entablado nagsasanay ng sayaw ang mga mag-aaral.

D. Maisasakatuparan ang ating pangarap sa darating na panahon.

__________5. Basahin ang talata sa ibaba. Sa anong pangungusap matatagpuan ang **pang-abay na pamaraan**?

| |
|---|
| [1]Tayong mga tao ay nilikha ng Diyos na katulad Niya. [2]Nilikha tayong may mataas na antas ng ng pag-iisip. [3]Tungkulin nating gamitin nang mabuti ang mga kaalaman at kasanayan na inihandog niya sa atin . [4]Masisiyahan ang Diyos kapag ang tungkuling ito ay isasagawa. |

A. 1

B. 2

C. 3

D. 4

.

LIVEWORKSHEETS